# PAGPAPABAKUNA SA COVID-19 SA LOOB NG TAHANAN

**Ikaw ba o ang sinumang nasa iyong pangangalaga ay nahihirapang umalis ng bahay? Magpa-iskedyul ng LIBRENG pagbabakuna laban sa COVID-19 sa inyong tahanan!**

## Sino ang maaaring makatanggap ng bakuna sa loob ng tahanan?

### Maaari kang maging kuwalipikado kung ikaw ay:

- Maaaring tumanggap ng bakuna sa COVID-19 at
- May malala o umuulit na karamdaman, limitadong kakayahang kumilos, kapansanang debelopmental, o kundisyon sa pag-iisip na nagpapahirap sa pag-alis ng bahay.

**Tinatanggap ang karamihan sa mga insyurans. Ang mga walang insyurans ay maaaring kumuha ng bakuna nang walang bayad. Hindi ka tatanungin tungkol sa katayuan ng iyong pagkamamamayan o imigrasyon.**

## Paano magpa-appointment para sa pagpapabakuna sa loob ng tahanan?

- Tumawag sa **206-848-0243** o mag-email sa vaccineinfo@kingcounty.gov.
- Kung mayroon kang kapansanan at kailangan mo ng akomodasyon, ipaalam ito sa amin pagkakonekta ng tawag.
- Kung kailangan mo ng tagasalin, pakibanggit ang iyong wika pagkakonekta ng tawag.

**Para sa impormasyon sa COVID-19 at mga rekomendasyon sa bakuna, bumisita sa: kingcounty.gov/COVID**

Public Health
Seattle & King County

**Binago:** 09/10/2024